*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM I

Ika-24 ng Disyembre, 2025

{ Kapistahan ng Pagsilang ng Panginoon }

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Sa atin ay isang Sanggol ang ibinigay,
Si Hesukristong nagdulot ng kaligtasan;
Tagapayo sa Ama na Walang hangganan,
D'yos na tao, Prinsipe ng Kapayapaan.

'Sinilang ni Mariang Birheng Pinagpala,
Sa kapangyarihan nga ng Diwang Dakila;
Mula pa noong una'y ipinahayag na:
Ang Makapangyarihang Salita ng Ama.

Pag-ibig at katotohanan ay sa kanya,
Mula sa lakas n'ya, lahat ay iaadya.
Mga tuyot na sanga'y muling mabubuhay;
Muling magigising ang ligayang humimlay.

Papurihan natin ang Walang Hanggang Ama,
At ang Salita, ang Banal na Anak Niya;
At Espiritung Banal, sa Tatlong Persona,
Kahit magkaiba, pagkadiyos ay iisa.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Dumarating siyang maringal, ang Hari na ating kapayapaan; ang buong daigdig, sa kanya'y naghihintay.

*Salmo 113*

*(Purihin ang ngalan ng Panginoon)*

Purihin ang Diyos!

Dapat na magpuri ang mga alipin,
Ang ngalan ng PANGINOON ay dapat purihin.

Ang kanyang pangalan ay papupurihan,
Magmula ngayo't magpakailanman,
Buhat sa silangan, hanggang sa kanluran,
Ang ngalan ng PANGINOON, pupurihing tunay.

Siya'y naghahari sa lahat ng bansa,
Lampas pa sa langit ang pagkadakila.
Walang makatulad ang PANGINOONG Diyos,
Na sa kalangitan doon naluluklok;
Buhat sa itaas siya'y tumutunghay,
Ang lupa at langit kanyang minamasdan.

Mula sa alabok ang mga mahirap,
Sa pagkalugami ay itinataas.
Sa mga prinsipe ay isinasama,
Nagiging prinsipe ang mga lingkod n'ya.
Ang babaing baog pinagpapala n'ya
Pinapag-aanak para lumigaya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Dumarating siyang maringal, ang Hari na ating kapayapaan; ang buong daigdig, sa kanya'y naghihintay.

*Antipona 2*

Isinusugo niya ang kanyang salita sa buong sandaigdigan, at ang kanyang atas ay mabilis na lumalaganap sa sangkalupaan.

*Salmo 147:12-20*

*(Ang pagpapanumbalik ng Jerusalem)*

Purihin mo, Jerusalem, purihin ang PANGINOON,
Purihin mo ang iyong Diyos, kayong mga taga-Sion.

Yaong mga pintuan mo ay siya ang nag-iingat,
Ang lahat ng iyong lingkod ay siya ang nagbabasbas.
Ginagawang matahimik yaong mga hangganan mo,

Bibigyan kang kasiyahan sa kaloob niyang trigo.

Kung siya ay nag-uutos, agad itong natutupad,
Dumarating sa daigdig, na hindi na nagluluwat.
Singkapal ng damit-tupa yaong yelong pumapatak,
Para itong alikabok na sa lupa'y lumalagpak.

Mga yelong buo-buo, sinlaki ng munting bato,
Lumalagpak, na ang lamig di matiis kahit sino.
Ang yelo ay natutunaw, sa isa lang niyang utos,
Umiihip yaong hangi't ang tubig ay umaagos.

Kay Jacob n'ya ibinigay ang balita at pabilin,
Ang tuntuni't mga aral, ibinigay sa Israel.
Ang ganitong karapatan ay wala ang ibang bansa,
Pagkat hindi nila batid ang utos na itinakda.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Isinusugo niya ang kanyang salita sa buong sandaigdigan, at ang kanyang atas ay mabilis na lumalaganap sa sangkalupaan.

*Antipona 3*

Hinubad ng walang hanggang Salita na isinilang sa Ama bago pa nagsimula ang panahon, ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos para sa ating kapakanan at naging tao.

*Awit: Filipos 2:6-11*

*(Si Kristo, ang Banal na Lingkod ng Diyos)*

Bagama't siya'y Diyos,
Hindi nagpilit si Hesus na manatiling kapantay ng Diyos,
Bagkus hinubad niya ang lahat
Ng katangian ng pagka-Diyos.
Nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin.

Nang maging tao siya'y nagpakababa
At naging masunurin hanggang kamatayan,
Oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos,

At binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.

Anupa't ang lahat ng nilalang na nasa langit,
Nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa,
Ay maninikluhod at sasamba sa kanya.
At ipahahayag ng lahat na si HESUKRISTO ANG PANGINOON,
Sa ikararangal ng Diyos Ama.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Hinubad ng walang hanggang Salita na isinilang sa Ama bago pa nagsimula ang panahon, ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos para sa ating kapakanan at naging tao.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Galacia 4:3-7*

Gayundin naman, nang hindi pa tayo nananalig kay Kristo, tayo'y nasa ilalim ng mga tuntunin ng sanlibutang ito. Ngunit nang dumating ang takdang panahon, sinugo ng Diyos ang kanyang Anak. Isinilang siya ng babae, at namuhay sa ilalim ng Kautusan upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan. Sa gayon, tayo'y mabibilang na mga anak ng Diyos. Upang ipakilalang kayo'y mga anak ng Diyos, pinagkalooban niya tayo ng Espiritu ng kanyang Anak nang tayo'y makatawag sa kanya ng "Ama! Ama ko!" Kaya't hindi ka na alipin kundi anak. Sapagkat anak, ikaw ay tagapagmana ayon sa kalooban ng Diyos.

*Tugunan*

Ngayo'y malalaman mo na daratal ang Panginoon,

— Ngayo'y malalaman mo na daratal ang Panginoon.

At sa umaga'y masisilayan mo ang kanyang kadakilaan,

— daratal ang Panginoon.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Ngayo'y malalaman mo na daratal ang Panginoon.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Kapag ang araw sa umaga'y sumikat sa kalangitan, makikita mo ang Hari ng mga hari na dumarating mula sa Ama tulad ng nakasisilaw na lalaking ikakasal mula sa bulwagang pangkasalan.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Kapag ang araw sa umaga'y sumikat sa kalangitan, makikita mo

ang Hari ng mga hari na dumarating mula sa Ama tulad ng nakasisilaw na lalaking ikakasal mula sa bulwagang pangkasalan.

## Pangkalahatang Panalangin

Hinubad ni Kristo Hesus ang kanyang pagka-Diyos at namuhay na isang alipin. Sinubok siya tulad natin sa lahat ng bagay at hindi nagkasala. Halina ngayon at tayo'y sumamba't manalangin sa kanya nang may malalim na pananampalataya:

— Sa kapangyarihan ng iyong pagsilang, kalingain ang mga iniligtas.

Dumating ka sa daigdig na nagpapahayag ng bagong kapanahunang inihula ng mga propeta,
bigyan ang iyong sambayanan sa bawat salinlahi ng biyaya ng pagpapanibago.

— Sa kapangyarihan ng iyong pagsilang, kalingain ang mga iniligtas.

Minsa'y inako mo ang kahinaan ng aming kalagayan bilang tao,
maging tanglaw ka nawa sa mga hindi nakakikita, maging lakas sa mga nanlulupaypay at maging lugod ng mga naguguluhan.

— Sa kapangyarihan ng iyong pagsilang, kalingain ang mga iniligtas.

Isinilang ka sa kahirapan at kababaan,
tunghayan ang mga dukha at sila'y bigyang kaluguran.

— Sa kapangyarihan ng iyong pagsilang, kalingain ang mga iniligtas.

Sa pamamagitan ng iyong pagsilang,
pagkalooban mo ang lahat ng tao ng galak sa pangako ng walang hanggang buhay.

— Sa kapangyarihan ng iyong pagsilang, kalingain ang mga iniligtas.

Dumating ka sa sanlibutan upang gabayan ang lahat patungo sa kaharian,
ibahagi ang iyong maluwalhating buhay sa mga pumanaw.

— Sa kapangyarihan ng iyong pagsilang, kalingain ang mga iniligtas.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama naming Diyos,
taon-taon, kami'y nagdiriwang habang hinihintay
ang darating na kapistahan ng aming kaligtasan.
Si Kristo na aming Tagapagligtas
nawa'y aming masalubong,
at makaharap siya nang matapat
kapag siya'y dumating bilang aming hukom,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

UNITED STATES OF AMERICA
*www.ebreviary.com*